

LGBTQ+ NA MGA GURO: PANGALAWANG MAGULANG SA PAARALAN

by:
Rodelio R. Dionisio
Teacher III

Sa loob ng paaralan, hindi maikakailang mahalaga ang papel ng mga guro. Sila ang nagsisilbing pangalawang magulang sa mga estudyante, nagbibigay ng gabay, suporta, at inspirasyon sa araw-araw. Sa paglipas ng panahon, unti-unting lumalawak ang pagtanggap sa mga LGBTQ+ na guro, at sa kanilang pagiging tapat sa sarili, mas lalo silang nagiging huwaran ng katapangan at malasakit.

Ang LGBTQ+ na mga guro ay hindi lamang tagapagturo ng akademikong kaalaman. Sila rin ay nagsisilbing modelo ng inklusibidad, respeto, at pagkakapantay-pantay. Sa pamamagitan ng kanilang presensya at pagkilos, naipapakita nila sa mga kabataan na ang bawat isa, anuman ang kasarian o sekswalidad, ay may karapatang tanggapin at ipagmalaki ang sarili.

Bilang pangalawang magulang, ang LGBTQ+ na guro ay may likas na empatiya sa mga estudyanteng nakararanas ng diskriminasyon o pagkalito sa kanilang pagkakakilanlan. Maari silang magsilbing ligtas na tagapayo para sa mga kabataang LGBTQ+ na nangangailangan ng gabay, lalo na kung ang tahanan ay hindi sapat ang suporta. Sa mga simpleng salita ng pag-unawa, pakikinig, at pangaral, nabibigyan nila ng lakas ng loob ang mga estudyante upang mahalin ang kanilang sarili.

Gayundin, mahalaga rin na kinikilala at iginagalang ng institusyong pang-edukasyon ang kontribusyon ng LGBTQ+ na guro. Ang pagkakaroon ng pantay na oportunidad at karapatan sa loob ng paaralan ay nagbibigay sa kanila ng lakas upang gampanan nang buong puso ang kanilang tungkulin.

Sa huli, ang LGBTQ+ na guro ay hindi lang guro—sila’y tagapagtanggol ng pag-asa, pangarap, at pagkatao ng kanilang mga estudyante. Sa kanilang paggabay, mas nagiging bukas at mapagmalasakit ang paaralan bilang isang tahanan para sa lahat. Isa silang patunay na ang pagiging pangalawang magulang ay walang pinipiling kasarian, kundi pusong handang magmahal at magturo nang may buong katapatan.

References: